
Kataga ng Buhay

Nobyembre 2020

“Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.”

(Mt 5:4)

Sino ang hindi nakaranas tumangis? Sino ang hindi nakakita ng kapwa na lumuluha sa tindi ng dalamhati? Sa panahon ngayon, inihahahatid ng mass media ang iba't ibang larawan ng paghihirap na nagaganap sa buong mundo. At dahil nakasanayan na nating makita ang mga ito, nagwawalang-bahala na lamang tayo sa nakikitang dagat ng pighati sa ating kapaligiran.

May mga pagkakataong tumangis din si Hesus ¹ at nasaksihan ang pagluha ng Kanyang mga kababayan matapos sakupin ng mga banyaga ang kanilang lupain. Marami ang lumapit sa Kanya- mga maysakit, dukha, biyuda, ulila, mga makasalanang, mga taong iniwasan: lahat nagnanais marinig ang Kanyang mga Salita at mapagaling ang katawan at kaluluwa.

Sa Ebanghelyo ni Mateo, si Hesus ang Mesiyas na nagsakatuparan ng mga pangako ng Diyos sa Israel. At dahil dito ay Kanyang inihayag:

“Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.”

Hindi pagwawalang-bahala ang ipinamamalas ni Hesus sa ating mga pighati at paghihirap. Nais Niyang hilumin ang ating mga puso mula sa pait ng pagkamakasariili. Nais Niyang punuan ang ating kalungkutan at palakasin tayo sa lahat ng ating ginagawa.

Ito ang sinulat ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare Movement, tungkol sa mga Katagang ito na mula sa Ebanghelyo:

“...Hindi hinahangad ni Hesus na akayin ang mga nahahapis na tanggapin na lamang ang kalungkutan kapalit ng isang pangakong gantimpala sa hinaharap. Iniisip Niya ang kasalukuyan. Sa katunayan ang Kanyang kaharian ay narito na kahit na hindi pa ito ang lubos na kaganapan. Ito ay naroon kay Hesus na napagtagumpayan ang kamatayan noong Siya’y muling nabuhay pagkatapos nang labis-labis na pagdurusa. Ito rin ay nasa atin, nasa ating puso bilang mga Kristiyano. Ang Diyos ay nasa atin. Nananahan ang Santatlo sa atin. Kung kaya’t nararanasan na natin ang kaligayahang ipinangako ni Hesus. May mga paghihirap pa rin subalit tayo ay may bagong lakas upang harapin ang mga pagsubok sa buhay at tulungan ang iba na dumadanas din ng paghihirap na lampasan ang mga ito at tanggapin bilang daan ng kaligtasan tulad nang ginawa ni Hesus.” ²

“Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.”

Maaari nating tularan si Hesus kung paano maging saksi at instrumento nang magiliw at malikhaing pagmamahal ng Diyos sa kapwa. Ito ang simula ng bagong mundo kung saan hinilom na ang pinaka-ugat ng ating sama-samang pamumuhay. Inaakit nito ang presensya ng Diyos sa ating piling, ang walang hanggang bukal ng kaaliwan na tutuyo sa bawat luha.

Ito ang karanasang ibinahagi nina Lena at Philippe ng Lebanon sa kanilang mga kaibigan na ngayon ay naninirahan sa ibat ibang bahagi ng mundo:

“Mga minamahal naming kaibigan, salamat sa inyong napaka-espesyal na pagbati noong Pasko ng Pagkabuhay. Maayos naman kami at nag-iingat upang hindi mahawahan ng virus. Dahil kami ay mga frontliners ng “Parrainage Liban,” 3 hindi kami maaaring laging manatili sa loob ng bahay. Lumalabas kami tuwing ikalawang araw upang tugunan ang mahigpit na pangangailangan ng ilang pamilya. Kailangan nila ng pera, damit, pagkain, gamot atbp. Bago pa man nagka-COVID 19 ay mahirap na ang kalagayan ng ekonomiya sa aming bansa. At ngayon, tulad sa lahat ng bahagi ng mundo, ay mas lumala pa. Subalit di nagkukulang ang biyaya ng Diyos. Noong nakaraang lingo, isang lalaking Lebanese na nakatira na sa ibang bansa ang nagpadala ng pera sa amin. Nagbilin siya na siguraduhing ang labindalawang pamilya ay may maayos na kakainin tatlong araw sa isang linggo sa buong buwan ng Abril. Ito ay napakagandang patotoo na ang Diyos ay hindi mahihigitan sa kagandahang-loob.”

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

1. Cf. Jn. 11:35; Lk. 19:41

2. C.Lubich Word of Life November 1981

3. Parrainage Liban is an organisation that helps families in need in Lebanon, irrespective of ethnicity or religion. Its aim is to enable them to become self-sufficient. It began in 1993 thanks to the initiative of a group of families who were trying to put the word of life into practice and were helping a mother of five children whose husband was in prison. Since then it has helped over 200 families. It is funded by about one hundred individuals and businesses who are supporters of its work

Distributed in Japan by Focolare:

www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan

e-mail: tokyofocfem@gmail.com

Tokyo: 03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

